# Mga Sakay sa Unos

Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie M. Rodriguez
April 13, 2024



Ang kwentong paglakad ni Hesus sa ibabaw ng tubig para iligtas ang Kanyang mga alagad (Mt 14:22-32) ay isang katiyakan na sa kabila ng mga unos na masasalubong natin sa ating paglalakbay, ay nariyan lagi si Hesus para iligtas tayo. Nakatatakot ang mga unos sa buhay ngunit ang Diyos ay darating na "nakasakay" sa mga "alon" ng ating mga takot. Lagi siyang nagpapahayag ng kapayapaan sa ating kaluluwa.

A. **Paano Niya sinugo ang mga alagad**:Sa Mt 14:22, pinasakay ni Hesus ang Kanyang mga alagad sa bangka. May layunin Siya kaya ginawa Niya ito - para subukan sila. Kung tayo rin ay nasa gitna ng "bagyo," ipinadala tayo roon ng Panginoon. Hindi tayo bibigyan ng isang pagsubok na alam Niyang hindi natin kaya (1Cor.10:13). Ipinadala tayo ng Diyos dito sa komunidad ng may layunin. Kung maglilingkod tayo sa Diyos, tayo ay makararanas ng mga "bagyo" (pagsubok at kahirapan). Susubukan Niya ang ating pananalig… "ang lahat ng may nais mamuhay nang matuwid bilang tagasunod ni Kristo ay daranas ng pag-uusig" (2Tim3:12).

B. **Umakyat si Hesus sa bundok upang manalangin** (Mateo 14:23). Namagitan Siya sa Kanyang mga disipulo. Alam Niyang mahaharap sila sa sitwasyong mapanganib para sa kanilang buhay. Sa ngayon, si Hesus ang ating Tagapamagitan. Naiintindihan Niya ang ating mga pagsubok sa buhay.

C. **Paano Niya sila nakita**: Nakita Niyang takot na takot ang mga alagad. Akala nila ito na ang kanilang katapusan. Naunawaan ni Hesus ang kanilang takot gaya ng lagi Niyang pag-unawa sa atin. Labis ang pagmamalasakit ng Diyos sa atin.

**D. Aktibong nakibahagi si Hesus sa pagliligtas sa kanila.** Lumapit Siya sa kanila na naglalakad sa ibabaw ng tubig (Mateo 14:25). Noong naramdaman ni Hesus na nababahala na sila, lumapit Siya sa kanila para mawala ang kanilang takot. Sa Mt 14:27, sinabi Niya, "Huwag kayong matakot, si Hesus ito. "Ipinangako ni Hesus sa Heb. 13:5, " Hindi kita iiwan ni pababayaan man."

**E. Bumaba si Pedro sa bangka at naglakad patungo kay Hesus.** Madalas pinupuna si Pedro dahil sa kakulangan niya ng pananalig nang siya ay lumubog. Gayunpaman, noong sinabi ni Hesus "Halika" bumaba si Pedro sa bangka para makalapit kay Hesus. Si Pedro ay gumawa ng isang malaking hakbang ng pananalig.
Ang mga Kristiyano sa ngayon ay natatakot "lumabas sa bangka" upang tumugon sa tawag ng Panginoon. Tayo rin ay tinawag ng Panginoon. Sinasabi sa atin sa Awit 95, "Kung ngayon maririnig mo ang Kanyang tinig, huwag patigasin ang iyong mga puso." Kailangan nating makinig at sumunod. Sa Juan 15:16, sinabi ni Jesus, "Hindi kayo ang pumili sa Akin; Ako ang pumili at humirang sa inyo… "Ang mga pagsubok na ito ng pananalig ang magpapatibay at magpapalalim sa ating pananalig.

**F. Kailangan nating matulad sa matalinong tagagawa na nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng bato.** Ang pakikinig at pagsunod sa salita ng Diyos ang daan natin para malampasan ang mga unos sa ating buhay. Ang pagsunod ay nagiging matibay na pundasyon laban sa unos ng buhay (Mt. 7:24-26).

**KONKLUSYON:** Lahat tayo ay may mga espesyal na gawain. Binigyan tayo ni Hesus ng dakilang utos na humayo at ipangaral ang mabuting balita sa lahat ng nilikha. Ito ay hindi isang kahilingan, kundi isang utos mula sa ating Panginoon. Kailangan maging saksi tayo at tunay na Kanyang mga alagad.
**PAGNINILAY:** Mas gusto mo bang maging masunurin sa Diyos at harapin ang panganib ng "paglubog?" O mananatili ka sa iyong *comfort zone,* kahit tinatawag ka na ni Hesus? Handa ka na bang sagutin ang Kanyang tawag?

**Scribes Ministry:**
**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**https://lordsflock.org/teachings/digests**
Tags: #Pagsunod